




Sa kabuuan:


6.50
TARGET
REVERSE
REPURCHASE
RATE%

Nagpasiya ang BSP na panatilihin ang *target reverse repurchase rate* sa 6.5 percent.




Ayon sa pinakahuling pagtataya ng BSP, ang 2023 *average inflation* ay maaaring umabot sa 6.0 percent. Ito ay mas mataas sa *estimate* na 5.6 percent na inanunsyo sa *Monetary Policy Report* (MPR) noong Agosto.

Inaasahan namang papasok sa 2.0-4.0 percent na *target range* ang *average inflation* sa 2024 sa pagtatayang 3.7 percent at sa 2025 sa 3.2 percent.



Maaaring mas tumaas ang *inflation* kumpara sa *forecasts* para sa taong 2023 hanggang 2025 dahil sa karagdagang pagtaas ng pamasaha, singil sa kuryente, at presyo ng petrolyo sa pandaigdigang merkado; gayundin din ang mas mataas sa inaasahang dagdag pasahod sa labas ng *National Capital Region*.

Samantala, ang mas mabagal na paglago ng pandaigdigang ekonomiya at ang pagpapatupad ng mga panukala kontra sa banta ng *El Niño* ay maaaring magdulot ng mas mababang *inflation*.



Ayon sa *Survey of External Forecasters* ng BSP ngayong Nobyembre, inaasahang aabot ang *inflation* sa 6.1 percent ngayong taon. Samantala, tinataya ng mga ekonomista na aabot ang *inflation* sa 4.0 percent sa 2024 at 3.5 percent sa 2025.



Lumago ang ekonomiya nitong Q3 2023 nang 5.9 percent. Mas mataas ito sa inaasahan at nagpapakita na maaaring magpatuloy ang sigla ng ekonomiya sa mga darating na taon.



Ang BSP ay handang umakasyon para mapababa at maibalik ang *inflation* sa *target range*.

Patuloy din na sinusuportahan ng ating *Monetary Board* ang mga hakbang na ipinatutupad ng gobyerno upang mabawasan ang epekto ng kakulangan sa suplay sa *inflation*.


Nagpasyang panatilihin ng BSP ang target reverse repurchase rate sa 6.5 percent.

6 TARGET
REVERSE
REPURCHASE
RATE %
.50

Sa *monetary policy meeting* nitong Nobyembre, nagpasya ang *Monetary Board* ng BSP na panatilihin ang *target reverse repurchase policy rate* sa 6.5 percent.

Ang kasalukuyang *monetary policy setting* ay naaangkop upang makita ng BSP ang epekto ng mga naunang kalibrasyon nito habang binabantayan ang mga uusbong na banta sa *inflation*.


Ang inflation—o ang antas ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin—ay babagal at makababalik sa 2.0-4.0 percent target range sa taong 2024 at 2025.



Tinataya ng BSP na ang *average inflation* ay maaaring umabot sa 6.0 percent ngayong taon. Ito ay mas mataas mula sa naunang *forecast* na 5.6 percent noong Agosto na isyu ng MPR.

Samantala, inaasahang babagal ang *inflation* patungo sa *target* na 2.0-4.0 percent sa taong 2024 at 2025. Ang *average inflation forecast* sa 2024 ay 3.7 percent (mula sa 3.3 percent), habang sa 2025 ay 3.2 percent (mula 3.4 percent).


Gayunpaman, mayroon pa ring mga banta na maaaring magdulot ng mas mataas na inflation at magpabago sa forecasts.



Maaaring magdulot ng mas mataas na *inflation* kaysa sa inaasahan ang karagdagang pagtaas ng pamasaha, singil sa kuryente, pag-akyat ng presyo ng petrolyo sa pandaigdigang merkado; at gayundin ang mas mataas kaysa inaasahang dagdag pasahod sa labas ng National Capital Region.

Sa kabilang banda, maaaring magdulot ng mas mababang *inflation* kaysa sa *forecast* ang mabagal na paglago ng pandaigdigang ekonomiya at gayundin ang mga hakbang ng gobyerno upang mabawasan ang posibleng epekto ng El Niño.

Naniniwala ang mga ekonomista sa pribadong sektor na mananatiling mataas ang inflation sa 2023.



Ayon sa resulta ng *BSP Survey on External Forecasters* ngayong Agosto, inaasahan ang 6.1-percent *inflation* sa 2023, habang bumaba naman ang *estimate* para sa 2025 sa 4.0 percent mula sa 4.1 percent. Samantala, nananatili ang *estimate* na 3.5 percent para sa taong 2025.

Inaasahan pa din ang mataas na *inflation* sa buong taon ng 2023 dahil sa mga isyu sa suplay at *second-round shocks*.



Inaasahang patuloy na lalago ang ekonomiya subalit ang paglago ngayong taon ay tinatayang mas mabagal kaysa sa target.



Lumago ang ekonomiya sa 5.9 percent nitong Q3 2023, mas mabilis kaysa sa 4.3-percent na paglago noong nakaraang *quarter*, ngunit mas mababa pa din kaysa sa *target* ng gobyerno na 6.0-7.0 percent para sa taon.

Gayunpaman, ang naitalang mas mataas kaysa inaasahang *GDP growth* noong Q3 2023 ay nagpapakita na maaaring manatiling masigla ang ating ekonomiya sa susunod na dalawang taon.

Patuloy na babantayan ng BSP ang mga kaganapang maaaring makaapekto sa pagtaas ng presyo at paglago ng ekonomiya sa hinaharap.



Patuloy na babantayan ng BSP ang mga kaganapang maaaring makaapekto sa *inflation* at paglago ng ekonomiya, habang nananatiling handa na tumugon kung kinakailangan para ibalik ang *inflation* sa *target range*, alinsunod sa mandato nitong panatilihin ang *price stability* sa bansa.

Ayon sa *Monetary Board*, mahalagang panatilihin ang mataas ang kasalukuyang *policy interest rate* upang matiyak ang patuloy na pagbagal ng *inflation* at *inflation expectations* patungo sa *target*.

Mananatili ang target reverse repurchase policy rate sa 6.5%.

Ibig sabihin...



Inaasahang mananatili ang kasalukuyang *interest rate* ng mga bangko sa kanilang mga pautang. Hindi masyadong gagalaw ang halaga ng pag-utang mula sa mga bangko.

Naaangkop na panatilihin ang kasalukuyang *policy interest rate* sa panahong ito dahil sa inaasahang mas mabagal na *inflation* sa mga darating na buwan. Mas mapag-aaralan din ng BSP ang epekto ng mga naunang pagtaas sa *policy interest rate*.

Maaaring tingnan ang kabuuan ng 2023 November Monetary Policy Report https://www.bit.ly/MPR_Nov2023

